



Paunawa sa Publiko

Ang pagboto sa opisina para sa Gubernatoryal (Pambuong-estado na Tuwiran) na Primaryang Eleksyon ay magsisimula sa Lunes, Ika-9 ng Mayo at magpapatuloy hanggang Martes, Ika-7 ng Hunyo (Araw ng Eleksyon).

Simula Ika-9 ng Mayo, ang opisina ay magbubukas para sa pagboto:

- Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon
- Sabado, Ika-28 ng Mayo hanggang Lunes, Ika-6 ng Hunyo, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon
- Araw ng Eleksyon, ika-7 ng Hunyo, ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi

Beripikasyon ng pirma ay inaasahang magsisimula sa ika-12 ng Mayo.

Ang pagbubukas at paghahanda ng mga balotang pangkoreo para sa tabulasyon ay inaasahang magsisimula sa o pagkatapos ng ika-16 ng Mayo.

Ang mga resulta ng botohan ay ipo-post sa sumusunod na iskedyul:

- Pagkatapos ng ika-8 ng gabi, Martes, ika-7 ng Hunyo (matapos magsara ang mga vote center at pagboto sa opisina)
- Pagsapit ng ika-5 ng hapon, Huwebes, ika-9 ng Hunyo hanggang Biyernes, Ika-10 ng Hunyo
- Pagsapit ng ika-5 ng hapon, Lunes/Miyerkules/Biyernes hanggang Ika-17 ng Hunyo
- Mga karagdagang posting ay maaaring mangyari sa pagpapasya ng Tagapagrehistro ng mga Botante.

Ang lahat ng mga resulta ay hindi opisyal hanggang sa makumpleto ang opisyal na canvass ng eleksyon sa o bago ang Ika-7 ng Hulyo.

Pinapayagan ang pampublikong obserbasyon sa alinman sa mga proseso na inilarawan sa itaas. Kung kayo ay mayroong organisadong grupo ng mga boluntaryo at nais i-coordinate ang inyong aktibidad para sa obserbasyon ng mga grupo, kontakin kami sa 858-565-5800.

